# READY KA NA BA? – SCHOOL'S PARENT ORIENTATION PROGRAM

*by:*
**Karen M. Caole**
*Teacher III, Kataasan Elementary School*

"Nangangailangan ng isang buong pamayanan sa pagpapalaki ng isang kabataan."

African Proverb

Ang pagtuturo at paghuhubog ng isang kabataan ay nakasalalay hindi lamang sa paaralan, kundi sa buong miyembro ng pamayanang kanyang kinabibilangan. Sinasabi nga sa isang African Proverb, na sa pagpapalaki ng isang kabataan, kinakailangan ang buong pamayanan. Nangangahulugan ito ng importansya sa mga kabataan ng suporta ng bawat isang taong nakapaligid sa kanila lalo't higit ng mga magulang nila.

Kinakailangan ang partisipasyon ng mga magulang sa bawat yugto ng pag-aaral ng mga anak nila. Bagama't hindi ito possible araw kada araw, dahil na rin sa kanilang mga gawain sa bahay at kanilang trabaho, ang bawat paaralan ay nagbibigay ng tinatawag na parent orientation program upang talakayin ang bawat aspekto ng buhay-eskwela ng kanilang mga anak.

Ang parent orientation program ay karaniwang isinasagawa bago, habang at pagkatapos ng panuruang taon upang ipagbigay-alam sa mga magulang ang mga pangyayaring nagaganap sa kanilang mga anak sa loob ng silid-aralan gayundin ang mga istratehiyang ginagamit ng mga guro upang turuan ang kanilang mga anak. Dahil dito, natutuhan din ng mga magulang ang mga epektibong pamamaraan upang tulungan sa pag-aaral ang kanilang mga anak sa loob ng kanilang tahanan. Sa pamamagitan din ng

parent orientation, nakapagbibigay suhestiyon ang mga magulang upang tulungan ang mga guro ng kanilang mga anak sa mas dekalidad na pagtuturo.

Ang parent orientation program ay ginaganap isang linggo bago magsimula ang pasukan. Layunin nitong tugunan ang iba't-ibang isyu na maaaring kahaharapin ng bawat isang mag-aaral ngayong pasukan. Kasama din sa mga agendang tinalakay sa nasabing oryentasyon ang kurikulum na gingamit ng paaralan, mga paraan at istratehiya ng guro sa pagtatasa ng kanyang mga mag-aaral gayundin ang mga "rules and regulations" na dapat sundin ng bawat isa at marami pang iba.

*References:*

African Proverb 2017
It Takes a Village to Raise a Child: SUPPORTING OTHER PARENTSH. Miller, 2017
Parents' orientation before school opening set M.H. Malipot, 2020

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan